NATIONAL ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES AT SENIOR SECONDARY LEVEL

PUBLIC EXAMINATION

# 1998 FILIPINO

## EXTENDED LEVEL

## PAPER 1: PROCESSING SPOKEN INFORMATION

## TRANSCRIPT OF PASSAGES

*Agency copy only*

***Not for distribution***

**© Board of Studies NSW 1998**

**AKDA 1 / *PASSAGE 1***

## PAG-ASA NG BAYAN

Sa salitang kuro'y napagkaisahan
Na ang kabataan ay pag-asa ng bayan,
Kapag sa tungkulin tiyaga'y pinuhunan
Pagsisikap ngayon, bukas ay tagumpay.

Ang aral ng guro'y iyong isaisip,
Pangaral ng ina'y gawin, itanim sa dibdib
Mithiin ng ama'y iyong ihatid
ng mga karunungang iyong nakamit.

Karunungang natamo'y siya mong gamitin
Sa pagtulong sa  kapwa na dapat mong mahalin,
Ang bayang sinilanga'y iyong tangkilikin
Purihin ang tama, ang mali'y tuwirin.

Ikaw kabataan, gabay ka ng katandaan
Landas mo'y nilinis, niliwanag ng pailaw,
Diyan sa puso mo'y ipangibabaw
na ikaw ang pag-asa ng kinabukasan.

Sa bibig ng madla na napasalin-salin
Ayon sa isang salawikain:
Kung ang pinanggalingan mo'y hindi lingunin
Ang paroroona'y di mararating.

Pagkakaiba mo'y hindi kahinaan,
Pagka -Pilipino mo'y isang katangian
Makihalubilo sa naratnang lipunan,
Ngunit huwag limutin ang pinanggalingan.

Ang mga balakid ay kaya mong hakbangin,
Batis ng pag-asa 'y simulang palawakin
Lusog ng diwa mo'y lalung patayugin,
Tuparin ang pangarap at magandang layunin.

Katha ni: R.M. LINZECO

**AKDA 2 /** ***PASSAGE 2***

M = Maria,    R = Roberto

M  Ito po si Maria Cruz na bumabati sa inyo ng magandang umaga.

Ayon sa estadistika, apatnapu’t pitong pursiyento (47%) ng mga estudyanteng nagtapos ng “Year 12” ay humihinto na sa pag-aaral. Kakapanayamin po natin si Ginoong Roberto del Mundo, isang mananaliksik at “community worker” na tumatalinga sa komunidad Pilipinong naninirahan dito sa Australya. Ang paksa po natin ay ang mga layunin ng mga magulang at kabataan.

Roberto, sa iyong karanasan bilang mananaliksik, anu-ano ang mga layunin ng mga magulang para sa kanilang mga anak?

R  Batay sa aking pakikisalamuha at pananaliksik, ang mga magulang ay nagnanais na ang mga anak nila ay magkaroon ng mabuti, matagumpay at maligayang pamumuhay.

M  Ipaliwanag mo nga ito.

R  Unang-una, ang mga magulang ay nagnanais na ang kanilang anak ay lumaking magalang at may respeto sa kanila, sa mga guro, sa mga matatanda at sa kapwa tao. Ibig nilang ang kanilang anak ay masipag sa pag-aaral at makatapos hanggang sa unibersidad o TAFE kung maaari, sapagka't ang edukasyon ang kanilang magiging tulay sa pagtatagumpay.

M  Ang mga batang Pilipinong laki sa Australya, ano naman ang kanilang layunin para sa sarili?

R  Gusto rin nila ng mabuti, matagumpay at maligayang buhay nguni’t sa sarili nilang pamamaraan. May mga batang makikinig sa magulang na magpatuloy ng pag-aaral sapagka’t alam nilang iyon ang nararapat sa kanila. Mayroon namang gusto nang tumigil dahil sa iba’t-ibang kadahilanan.

M  Anu-anong dahilan?

R  Maaaring ang bata ay kulang sa kakayahan o masasaktin. Mayroon ding gusto nang magtrabaho kaagad upang kumita na dahil may mapapasukan silang hanapbuhay kahit hindi na magpatuloy.

M  Tama namang mga dahilan iyan. Mayroon pa bang ibang dahilan na maaaring pag-alitan ng magulang at bata?

R  Kung minsan ay gustong ipagpaliban ang pag-aaral dahil gustong maglakbay ng bata upang yumaman ang kaniyang karanasan.

Ang magulang naman ay nag-aalalang baka makatamaran na ang pag-aaral kapag nahinto na. May mga bata ring umaasa na lang sa “dole”, ang perang mula sa gobyernong ibinibigay sa walang trabaho. Gusto nilang magkapera nang walang hirap.

Ang kanilang mga magulang ay salungat sa “dole” sapagka’t ito ay hindi mabuting kabuhayan.

M  Ano ang magagawa ng mga magulang sa ganitong pagkakataon?

R  Maaaring unawain at payuhan nila ang kanilang mga anak na maghanapbuhay kahit hindi pa sila tapos at huwag umasa sa “dole”. Wala nang iba pang magagawa ang magulang sapagka’t ang kanilang anak ang siyang magpapasiya sa kanilang kinabukasan.

M  Salamat sa iyo, Roberto at hanggang sa muli .